



### **Inaanunsyo ng Pamahalaan ng Ontario ang pambuong lalawigan na pagsasara simula sa Abril 3**

BRAMPTON, ON (Abril 1, 2021) – Sa araw na ito, inanunsyo ng pamahalaan ng Ontario ang pambuong lalawigan na pagsasara simula sa Abril 3, 2021, na mananatiling may bisa para sa Ontario kabilang ang Rehiyon ng Peel sa loob ng pinaka-mababa apat na linggo.

Kabilang, ngunit hindi limitado sa sumusunod ang mga pangkaligtasang pamamaraan:

- Pagbabawal sa mga indoor na inorganisang event at mga pagtitipon ng mga tao; ang mga namumuhay na mag-isa ay pinapayagan na makipagtipon sa isa pang sambahayan;
- Paglimita sa kapasidad para sa outdoor na inorganisang mga event ng publiko o mga pagtitipon-tipon hanggang sa pinakamarami 5 tao, maliban sa mga pagtitipon ng mga kasapi ng iisang sambahayan (mga taong kasama mong naninirahan);
- Paglimita sa personal na pamimili sa lahat ng retail na tindahan, kabilang ang 50 porsyentong limit sa kapasidad para sa supermarkets, grocery stores, convenience stores, indoor farmers' markets, iba pang mga tindahan na pangunahing nagbebenta ng pagkain at mga botika, at 25 porsyento para sa lahat ng iba pang retail, kabilang ang big box stores, kabilang ang iba pang mga pangkaligtasang pamamaraan ng public health at lugar ng trabaho;
- Ang mga serbisyo sa personal na pangangalaga ay sarado;
- Pagbabawal sa indoor at outdoor na pagkain. Ang mga restawran, bar, at iba pang mga establisyemento ng pagkain o inumin ay papayagan na magbukas sa pamamagitan ng take-out, drive-through, at delivery lamang;
- Pagbabawal sa paggamit ng mga pasilidad ng indoor o outdoor sports at panlibangang fitness (hal., gyms) na may napaka-limitadong mga eksepsyon;
- Pag-uutos sa mga day camp na magsara; at,
- Paglimita sa kapasidad sa mga kasal, libing, at panrelihiyong mga serbisyo, ritwal o mga seremonya sa 15 porsyento na pag-okopa kada silid indoor, at sa bilang ng mga indibidwal na makakapanatili sa dalawang metro na layo mula sa iba outdoors. Hindi kabilang ditto ang mga pagtitipon ng mga tao tulad ng mga resepsyon na hindi pinapayagan indoor at limitado sa limang tao outdoor.

Sa Payo ng Chief Medical Officer of Health, sinasabihan ang mga residente na limitahan ang mga biyahe sa labas ng bahay sa mga pangangailangan tulad ng pagkain, medikasyon, mga medikal na appointment, pagsuporta sa mahihinang miyembro ng komunidad, o pag-ehersisyo sa labas ng bahay kasama ang mga kasapi ng kanilang sambahayan. Kailangang gawin ng mga employer sa lahat ng industriya ang lahat ng pagsisikap na payagan ang mga empleyado na magtrabaho mula sa bahay.

#### **Mga serbisyo at pasilidad ng Lungsod**

##### ***City Hall at Corporate na Pasilidad***

Mananatiling bukas ang City Hall at corporate na mga pasilidad para sa personal na mga serbisyo batay sa appointment lamang, Hindi pinapayagan ang mga walang appointment. Para mag-book ng appointment, bisitahin ang [www.brampton.ca/skiptheline](http://www.brampton.ca/skiptheline).

##### ***Mga Sentrong Panlibangan ng Lungsod***



Ang lahat ng mga panlibangang pasilidad ng Lungsod ng Brampton ay mananatiling sarado sa publiko at ang mga indoor na programa ay patuloy na suspendido hanggang sa karagdagang abiso.

### ***Mga Birtwal na Programa***

#### **Birtwal na Fitness**

Ang mga residente ay iniimbitahan na sumali sa pinangungunahan ng instructor na birtwal na fitness sa libreng 30-minutong live workouts kasama ang ekspertong mga fitness instructor.

#### **55+ Workshops**

Ang mga residente ng Brampton na edad 55 taong gulang at mas matanda ay pwedeng mag-register para sa libreng birtwal na mga workshop mula sa ginhawa ng kanilang tahanan. Magkakaroon ang mga kalahok ng pagkakataon na makipag-socialize, bumuo ng bagong pagkakaibigan at kumonekta online sa isang ligtas at structured na kapaligiran.

#### **Nagsasaling Birtwal na mga Aktibidad at mga Workshop**

Ang serye na ito ay isang magandang pagkakataon para sa mga kalahok na may mga kapansanan at pagkakaiba na sumali sa aktibidad, matuto ng bagong bagay at lilikha ng tumatagal na mga pagkakaibigan kasama ang mga peer.

Ang mas maraming impormasyon kaugnay ng mga handog na birtwal na programa, kabilang ang mga detalye sa kung paano mag-register ay makikita sa [www.brampton.ca/recreation](http://www.brampton.ca/recreation).

### ***Paglilibang sa Bahay***

Manatiling aktibo at abala sa bahay gamit ang self-guided online arts at craft tutorials, pwedeng ma-access 24/7! Alamin kung paano gumawa ng origami hearts, mag-praktis sa inyong calligraphy skills, at mas marami pa. Mag-access sa sari-saring mga aktibidad sa Rec At Home activities [dito](#), gawa nang may pagmamahal ng Brampton Recreation.

### **Brampton Library**

Ang Brampton Library ay nag-aalok ng limitadong mga serbisyo sa loob ng sangay sa Chinguacousy, Four Corners, at Springdale lamang. Pwede ang Curbside Pickup sa Cyril Clark, Gore Meadows, Mount Pleasant Village, South Fletcher's, at South West Branch Libraries. [I-click dito](#) para sa kasalukuyang mga oras ng operation, pangkaligtasang mga protokol, at kung paano magpareserba ng item. Kasalukuyang kabilang sa mga serbisyo sa loob ng sangay ang pag-pickup, sandaling paggamit ng mga computer ng library para sa mga layunin ng transaksyon, hanggang sa pinakamatagal isang oras kada araw, at limitadong mga serbisyo ng pag-print at pag-photocopy lamang, ang study space sa loob ng sangay ay hindi magagamit at hindi pinapayagan ang paggamit ng personal na mga device para magtrabaho at mag-aral. Tuklasin ang pinili ng staff na may temang Grab'n' Go bags ng mga materyal sa library at ibalik ang mga materyal nang ligtas at madali sa pamamagitan ng 24 oras na mga external drop boxes sa lahat ng sangay. Ang mga multa sa overdue ay hindi sisingilin hanggang sa karagdagang abiso.



Mga link

Alamin ang mas marami pa tungkol sa:

- [Programa at mga update sa serbisyo ng Lungsod ng Brampton sa COVID-19](#)
- Lungsod ng [Brampton – ano ang bukas, ano ang sarado](#)
- [Mga sintoma ng COVID-19](#)
- [Bakuna sa COVID-19](#)
- [Testing sa Brampton](#)
- [Paano ibukod ang sarili](#)
- [Pananatiling ligtas sa mga negosyo at lugar ng trabaho sa panahon ng COVID-19](#)
- [Mga Kaso ng COVID-19 sa Peel](#)

-30-

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal

Coordinator, Media at Pakikilahok sa  
Komunidad

Strategic na Komunikasyon

Lungsod ng Brampton

905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)